Planong pagbubukas ng paaralan sa April 2025

Kasalukuyang nasa proseso ng aplikasyon ang paaralan bilang isang “Diversified Learning School (iba’t-ibang uri ng pag-aaral)” kung saan ang estudyanteng nasa junior high school na hindi pumapasok ay maaari ding makapag-enroll.

# Pang-gabing Prefectural Junior HS : Mie Yotsubagasaki Junior High School

Pang-gabing Prefectural Junior HS : Mie Yotsubagasaki Junior High School《Tsu Yanagiyama Tsuoki 1239 malapit sa Mie Yume Gakuen Senior High School》



## Isang paaralan na kung saan ang pangarap ng bawat isa ay umusbong, lumago at lumawak

## Magsasagawa ng “Information session para sa mga nais mag-aral”

※ Kung nais mag-enroll, dumalo alinman sa nasa ibaba

※Mayroon ding indibidwal na konsultasyon. (Kailangang mag-apply ng maaga)

**Iga**
Oktubre 20 (Linggo)
14:00~15:00
Lugar: Iga Shi Shogai Gakushu Center Gakushushitsu 2 (Iga shi Ueno Marunouchi 500)

**Ise**
Oktubre 26 (Sabado)
19:00~20:00
Lugar: Ise Shi Shogai Gakushu Center Isetopia Kenshushitsu 1 & 2 (Ise Shi Kurose Cho 562-12)

**Tsu**
Oktubre 27 (Linggo)
14:00~15:00
Lugar: Kencho Kodo-to 131 Kaigishitsu (Tsu Shi Komei Cho 13)

**Yokkaichi**
Nobyembre 2 (Sabado)
14:00~15:00
Lugar: Yokkaichi Shi Sogo Kaikan Shichokakushitsu (Yokkaichi Shi Suwa Cho 2-2)

**Yokkaichi**
Nobyembre 2 (Sabado)
19:00~20:00
Lugar: Yokkaichi Shi Sogo Kaikan Shichokakushitsu (Yokkaichi Shi Suwa Cho 2-2)

**Tsu**
Nobyembre 8 (Biyernes)
19:00~20:00
Lugar: Kencho Kodo

Nasa likod ang application

みえけんきょういくいいんかいじむきょく　しょうちゅうがっこうきょういくか　やかんちゅうがくせっちじゅんびはん
三重県教育委員会事務局　小中学校教育課　夜間中学設置準備班
みえけんつしこうめいちょう　ばんち
〒514-8570　三重県津市広明町13番地
059-224-2766　gakokyo@pref.mie.lg.jp

# Ganito ang Mie Yotsubagasaki Junior High School !

| Mga taong puwedeng mag-enroll | Pang-gabing kurso sa junior high school | Diverse Learning Course School (Iba' t-ibang uri ng pag-aaral) |
|---|---|---|
| | **Maaaring mag-enroll ang mga lagpas na sa edad na 15 anyos, at nakatira at nagtatrabaho sa Mie Prefecture.**<br>● Mga taong may hindi nakapagtapos ng compulsory education dahil sa iba' t-ibang dahilan.<br>● Mga taong hindi nakatanggap ng sapat na edukasyon dahil sa hindi pagpasok sa paaralan.<br>※Walang problema sa nasyonalidad.<br>※Maaari din mag-enroll ang kasalukuyang naka-enroll sa senior high school (pati mga correspondence course) at vocational school. | **Mga batang nasa edad ng junior high school na nasa mga sumusunod na kondisyon ay maaring mag-enroll.**<br>● Mga batang hindi pumapasok o may posibilidad na hindi na pumasok sa paaralan.<br>● Iba pang mag-aaral na pinahihintulutan ng punong-guro ng paaralan. |

## Anong klaseng paaralan ito

- Ang klase ay 5 araw sa isang linggo.
- Pag-aaralan ang lahat ng subject sa junior high school.
- Lisensyadong mga guro ang magtuturo.
- Magtatapos sa junior high school pag nakumpleto lahat ang curriculum.
- Walang bayad ang matrikula. Libre ang textbooks.
- Maaaring magsuot ng nais na damit.
- Malayang makakapili ng subject na naaayon sa antas at bilis ng kaalaman at pang-unawa.
- May exchange learning at mga aktibidad sa pagitan ng mga mag-aaral na may iba' t-ibang edad at year level.
- Maaari ding mag-aral ng pang elementarya at Nihongo.

## Proseso hanggang sa makapag-enroll

1. Dumalo sa information session tungkol sa pagpasok (simula Oktubre, 2024～)

▼

2. Dumalo sa trial class at indibidwal na konsultasyon

▼

3.Ipasa ang mga kinakailangang dokumento (walang entrance exam.)

▼

4. Dedesisyunan ang pagpasok

## Pamumuhay sa buong araw (iskedyul)

### Pangunahing iskedyul

| | | |
|---|---|---|
| 15:20～16:00 | 0 period(40 minutes) | |
| 16:05～16:45 | 1st period(40 minutes) | Klase sa araw |
| 16:50～17:30 | 2nd period(40 minutes) | Klase sa araw |
| 17:30～17:40 | Homeroom (10 minutes) | Klase sa araw / Klase sa gabi |
| 17:40～18:00 | Meal / Breaktime | Klase sa araw / Klase sa gabi |
| 18:00～18:40 | 3rd period(40 minutes) | Klase sa araw / Klase sa gabi |
| 18:45～19:25 | 4th period(40 minutes) | Klase sa araw / Klase sa gabi |
| 19:30～20:10 | 5th period(40 minutes) | Klase sa gabi |
| 20:15～20:55 | 6th period(40 minutes) | Klase sa gabi |

- Pangunahing iskedyul 1st period ～ 4th period (Klase sa araw), 3rd period ～ 6th period (Klase sa gabi)
- Ang diverse learning class ay 2 beses sa isang linggo at ang schedule ay 0 ～ 4th period (Klase sa araw); 2nd period ～ 6th period (Klase sa gabi).

## Paraan ng pag-apply para sa information session tungkol sa pag-enroll

Mangyaring mag-apply alinman sa 2 paraan.

**1. Telepono o mail**

059-224-2766

gakokyo@pref.mie.lg.jp

Ipaalam ang mga sumusunod na impormasyon:
①Pangalan ②lugar na dadaluhan ③bilang ng dadalo
④contact information ⑤kung dadalo o hindi sa individual consultation

**2. application form**

Ilagay ang pangalan at iba pa.

Official LINE account — Dito mag add friends!

Official Instagram account

Official Facebook account — みえ四葉ヶ咲中学校 検索